




Pagbiyahe

Bumibisita ka man sa Yellowstone National Park o sa Paris, ang pagbiyahe ay nagdadala ng kasiyahan sa milyon-milyong tao bawat taon. Ang pamumuhay ng may kapansanan ay hindi kailangang magbigay limitasyon sa adventurous na pagtutuklas ng mga lugar. Ang mga akomodasyon at tulong ay matatagpuan sa eroplano (by air) at sa sasakyan (by land) para matulungan ang iba't ibang mga biyahero at biyahera na maabot ang mga destinasyon na hinahangad nila.



TANONG: Sakop ba ng Americans with Disabilities Act (ADA) ang air travel para sa mga taong may kapansanan?

Habang tinitiyak ng ADA ang mga civil right ng mga mamamayang may kapansanan, ang Air Carrier Access Act (ACAA) ang tiyak na ipinagbabawal ang diskriminasyon laban sa mga taong may kapansanan kapag bumibiyahe sa eroplano (by air). Kasama sa iba pang mga regulasyon, ang batas na ito ay nagtatalaga na ang mga kompanya ng airline ay hindi maaaring magbigay ng limitasyon sa bilang ng mga pasahero na may kapansanan na pinapahintulutan sa isang flight o

1 Bumisita sa <https://www.christopherreeve.org/tl/international/tagalog-hub> para sa mga mapagkukuhanan ng impormasyon o tulong

hilingin mula sa kanilang umupo sa isang partikular na puwesto dahil sa kanilang kapansanan. Kung tanggihan ng isang airline ang isang pasahero na may kapansanan dahil sa pag-aalala sa kaligtasan, kailangan ang isang nakasulat na pagpapaliwanag. Ang mga pasahero na may kapansanan ay hindi maaaring bumiyahе kasama ang iba; kung ang airline at pasahero ay hindi nagkakasundo sa pangangailangan ng attendant para sa layunin ng kaligtasan, maaaring hilingin ng airline, pero hindi sisingilin ang pasahero para sa magagastos sa flight ng attendant.

TANONG: Kailangan ko bang paunang tawagan ang airline para sa mga akomodasyon?

Ang ilang mga akomodasyon ay maaaring i-request sa airport, kasama na ang tulong sa seat at transportasyon, pero ang paunang pagtawag ay makakatiyak ng mas madaling pagbiyahe at lubos na inirerekumenda. Hinihiling ng ilang mga airline mula sa iyo na mag-request ng mga akomodasyon ng pauna kaya't tiyakin ito sa carrier mo sa oras ng reservation. Kung hinihiling sa kapansanan ang isang akomodasyon na maaaring kailangan ng kaunting panahon para maip plano, tulad ng pagbiyahe na may kasamang service animal, pag-aayos ng on-flight respirator hook-up o paggamit ng isang onboard wheelchair, maaaring kailanganin ang 48 oras na paunang abiso. Kung hilingin, kailangang tulungan ng mga airline sa onboarding, deplaning (pagbaba sa eroplano) at mga koneksyon. Ang mga collapsible na wheelchair at iba pang mga assistive device ay may prioridad sa in-cabin storage space at ang cargo na ilalagay sa ilalim ng eroplano. Dapat mong magdala ng extra set ng mga fully charged na mga baterya. Parating sabihin sa mga gate agent at flight attendant kapag kinakailangan ng akomodasyon o tulong, kahit na ang impormasyon ay naisama na sa orihinal na booking.

TANONG: Paano ako makakapagsagawa ng mga reservation para sa isang flight para matiyak ang naaangkop na tulong sa pagsakay at pagbaba sa eroplano?

Ang wheelchair at mga may gabay na attendant ay available para sa mga pasaherong may kapansanan simula sa sandaling dumating sila sa airport. Ang serbisyong ito ay maaaring hilingin sa airline sa araw ng pagbiyahe o pauna kapag nagpa-book ng flight; kung gumagamit ng app para sa reservations, piliin ang 'special services' para makita ang opsyon na ito. Ang mga attendant ay maaaring tumulong sa mga pasahero sa airport, kasama na ang pagsakay at pagbaba mula sa eroplano. Kung gusto nila, ang mga pasahero ay pinapahintulutan na manatili sa sarili nilang wheelchair hangga't makaabot sa gate. Lubos na inirerekumenda na manatili sa sarili mong wheelchair hangga't handa ka na sa boarding para manatili kang independiyente hangga't maaari at maiwasan ang mga posibleng pressure injury sa pamamagitan ng pagkakaroon ng sarili mong mga seat cushion at para makita mo na kinakarga ang wheelchair mo papasok ng eroplano. Hinihiling mula sa mga attendant na huminto sa mga banyo na dadaanan habang papunta sa gate kung may oras pa, pero di kailangang huminto para makabili ang mga pasahero ng pagkain. Kapag nagpapa-book ng mga connecting flight, ang mga

pasaherong may kapansanan ay dapat na maingat na ikonsidera ang tagal ng paghihintay sa pagitan ng mga flight; iyong mga bumibiyahe ng may wheelchair ay unang sasakay sa eroplano at huling bababa, kaya't maaaring kailangan ng dagdag na oras sa schedule.

TANONG: Ano ang mga baterya na pinapahintulutan sa eroplano?

May iba't ibang mga baterya na pinapahintulutan sa eroplano para gamitin sa power wheelchairs at mga mobility scooter, kasama na ang spillable (wet cell,) non-spillable (dry cell at gel cell,) at lithium-ion na mga baterya. Ang mga pamamaraan kung paano ito pinakikitunguhan ay depende sa uri ng baterya, na dapat na malinaw na nilagyan ng etiketa bago dumating sa airport. Ang mag spillable battery ay dapat buo (walang mga lamat o sira) at di nakakonekta; kung alisin mula sa device o aparato, ang baterya ay dapat itabi sa isang leak-proof na container. Ang mga non-spillable battery ay hindi karaniwang kailangang alisin kung ang aparato ay ginawa na maiwasan ang mga di sinasadyang activation o short circuit. Ang mga lithium na baterya na hindi higit sa 300 watt hours, o 25 grams na katumbas ng lithium content ay puwede rin dalhin sa loob ng eroplano. Sa ilang mga kaso, pinapahintulutan ng mga airline ang lithium battery na manatiling nakakabit sa isang collapsible wheelchair o scooter na may protective casing sa palibot ng baterya; kung hindi, dapat alisin ang baterya at ilagay sa isang protective pouch sa loob ng isang carry-on bag. Isang spare (di mas mataas sa 300-watt hours) o dalawang spare (not exceeding 160-watt hours) ay maaari rin itabi sa carry-on baggage. Ang mga flight attendant o iba pang staff ay dapat pagsabihan sa pagtatalaga ng baterya at ang posisyon nito sa cabin. Kapag inalis ang mga baterya, anumang mga na-expose na terminal o koneksyon ay dapat takpan. Hinihiling ng maraming mga airline na ang mga pasahero na may powered mobility device ay dapat dumating ng maaga sa check-in. Maghanda sa posibleng pagkakalito sa gate at magdala ng printout ng mga detalye ng baterya at FAA 'PackSafe' na mga regulasyon na may kinalaman sa lithium batteries at mga mobility device.

TANONG: Ano ang mga hakbang na kailangan kong gawin para maprotektahan ang aking wheelchair?

Ang pinakamahalagang hakbang sa pagpoprotekta ng mga wheelchair habang nasa biyahe ay magsulat ng malinaw na mga instruksyon para sa mga baggage handler. Ang ilang mga airline ay nagbibigay ng pre-printed na mga form online at sa check-in, pero kung hindi available ang mga ito, gumawa ng listahan ng mga pinasadyang instruksyon. Tukuyin kung paano i-on at i-off ang power, paganahin ang break release, magbuhat ng hindi nakakapinsala, at pag-fold o collapse. (Tandaan na i-empake ang anumang mga tool na kinakailangan sa pagkakalas). Para maiwasan ang kawalan, isama rin ang serial number ng silya kasama ng anumang iba pang mga nagpapakilalang detalye. I-laminate ang mga instruksyon, o itago sa isang plastic bag, at ikabit sa chair; magdala ng mga extra na kopya para mabigay sa mga attendant at gate agent. Kung kailangan na ang chair ay suriin at alisin ang lahat ng mga nakakalas na item tulad ng mga cushion cupholder at footrest. (Hindi ito bibilangin bilang extra luggage sa flight.) Dapat ayusin o

palitan ng mga airline ang mga wheelchair o mobility device na nasira habang handling o transport. Pinagsasama-sama ng Department of Transportation ang mga data sa pinsala na naulat sa lahat ng mga airline sa buwanang Air Travel Consumer Report nito.

TANONG: Ano ang pinakamabuting paraan para makadaan sa Transportation Security Administration (TSA) security checks sa airport? Makakatulong ba ang mga miyembro ng pamilya?

Ang mga pasahero na walang ticket na nais na tulungan ang isang may kapansanan sa airport ay maaaring humiling ng isang escort pass mula sa airline habang check-in sa araw ng pagbiyahe. Ipaliwanag ang dahilan kung bakit kailangan ang pass at magbigay ng ipinalabas ng gobyerno na ID may litrato. Maaaring samahan ng mga escort ang mga pasahero sa TSA security check at sa gate para sa mga domestic flight; ang serbisyong ito ay hindi available sa international na pagbiyahe. Kung sarado ang ticket window, maaaring available ang pass sa baggage counter ng airline. Ang mga madadalas na bumibiyahe na pasaherong may kapansanan ay maaari rin ikonsidera ang pagkuha ng TSA Pre-Check designation para maka-access ng hiwalay at minsan ay mas mabibilis na mga pila; sa pre-check ay hindi kinakailangang alisin ang mga sapatos, laptop, sinturon, o light jacket habang screening process. Ang mga pasahero na walang family escort na kailangan ng tulong na dumaan sa security ay maaari rin makipag-ugnayan sa TSA Cares hotline sa (1-855-787-2227) 72 oras bago ang flight at ayusin para makipagkita sa isang support specialist sa check point. Lahat ng mga pasahero, gayunman, ay susuriin; ang mga tao na hindi kayang maglakad mag-isa sa metal detector ay bibigyan ng pat-down. (Maaring hilingin ang mga pribadong pat down). Ang mga TSA officer ay maaari rin mag-swab sa mga kamay at mobility device para tingnan kung may explosives. Ang mga walker at cane ay dapat dumaan sa x-ray machine. Sabihin sa TSA officer kung ang mga carry-on ay may laman na mga liquid na medikal na kinakailangan o mga gamot at accessory tulad ng mga freezer pack, IV bag, pump at syringe; ang mga ito ay hindi kasama sa limitasyon ng TSA pero kailangang inspeksyunin.

TANONG: Ano ang dapat kong gawin kung ang reasonable accommodations ay hindi magagawa sa airport o sa flight?

Sa kabila ng ACAA, ang mga taong may kapansanan ay patuloy na mahaharap sa di patas na pakikitungo sa air travel, kasama na ang inaccessible na mga banyo ng eroplano mga naantlang assistance at kakulangan ng naaangkop na mga akomodasyon sa mauupuan. Kung makaranas ang mga pasahero ng problema sa airport, dapat silang makipag-ugnayan sa Complaint Resolution Official (CRO), ang eksperto ng airline sa mga isyu na may kinalaman sa kapansanan. Hinihiling ng ACAA sa lahat ng mga airline na magkaroon ng CRO na available sa telepono o personal habang oras na may trabaho. Ang mga pasahero ay maaari rin makipag-ugnayan sa DOT Aviation Consumer Protection Division Disability Hotline sa 1-800-778-4838 (M-F, 9AM – 5PM ET) para makakuha ng gabay o tulong na malutas ang mga isyu sa real time. Para i-ulat ang may diskriminasyon na pakikitungo ng airline, magsampa ng nakasulat na reklamo sa Department

of Transportation. Ang matitinding paglalabag ay maaaring magresulta sa kilos ng pagpapatupad, pero ang pattern ng mga reklamo ay maaari rin makatulong sa muling pagsusulat o pagbuo ng mga tuntunin para mas mabuting mapaglingkuran ang komunidad

TANONG: Ano ang mga dapat kong itanong sa pagre-reserve ng isang hotel room?

Ang mga sanay na biyahero/a na may kapansanan ay alam na ang depinisyon ng mga hotel sa accessible ay magkaka-iba iba. Para maiwasan ang sorpresa sa pagdating, tumawag at makipag-usap sa isang on-site na clerk bago magpa-book. Simulan sa pagtatanong tungkol sa availability ng mga rampa sa mga entry point, mga elevator at paradahan. Ilang mga espasyo ang available para sa mga taong may kapansanan? May matitiyak bang espasyo sa reservation? Depende sa mga indibiduwal na pangangailangan, tiyakin ang mga detalye ng kuwarto. May grab bars ba sa banyo at roll-in shower? Kung may mabibigay silang mga shower seat, madali bang abutin ang mga gripo? Ang matataas na kama ay minsang nagiging problema; kunin ang eksaktong mga sukat mula sa sahig hanggang sa pinakatuktok ng kutson para matiyak na ang paglipat mula sa wheelchair ay posible. Tanungin sa mga pampublikong espasyo ng hotel, kasama na ang mga banyo, exercise room at breakfast area; ang mga opsyon ba sa buffet ay naaabot ng mga nasa wheelchair? May available bang staff member para tumulong kung wala? Dagdag pa sa pag-uusap na ito, hilingin mula sa clerk na magpadala ng mga litrato o video para makumpirma na ang hotel ay naaangkop sa mga indibiduwal na pangangailangan sa accessibility pauna sa pagdating dito. Isang tip: maaaring gusto mong makipag-usap sa housekeeping manager dahil maaaring di alam ng front desk ang mga detalye ng kuwarto.

TANONG: Posible bang bumiyaheng bilang isang gumagamit ng wheelchair? Paano ako makakapagsagawa ng reservation?

Oo, posible na bumiyaheng sa pamamagitan ng tren kahit na may kapansanan ka. Kung gumagamit ka ng mga mobility device, kailangan ng mga seat accommodation o bumibiyaheng ng may service animal, kailangan mong magsagawa ng mga reservation para sa Amtrak sa pamamagitan ng telepono. Sanhi ng limitadong espasyo sa bawat tren, mabuting ideya na mag-reserve ng wheeled mobility device space at maagang lumipat ng seat. Ang mga wheelchair na may sukat na 27.5 inches ang lapad at 48 inches ang haba, na may 2 inches ng pagitan mula sa sahig, ay maaaring gamitin sa lahat ng mga ruta ng Amtrak; ang mga high speed Acela train ay maaaring gamitan ng mga wheelchair na hanggang 30 inches ang lapad. Para sa magdamag na pagbiyaheng, ang mga pasahero ay maaaring mag-book ng accessible rooms; habang ang pagkikilala sa kapansanan ay di kinakailangan, ang nakasulat na katibayan, tulad ng sulat mula sa doktor o transit photo card, ay kailangang ipakita sa station at kapag sumasakay. May mga available na discount para sa mga kasamang adult na bibiyaheng kasama ng mga indibiduwal na may kapansanan. Bago magpa-book, tumawag para matiyak na ang mga station ay accessible. Sa mga staff na station, ang mga courtesy wheelchair ay available, at ang mga empleyado ay makakatulong sa mga

pasaherong may kapansanan na pumunta at manggaling sa banyo at sa mga hagdan. Ang mga crew ng Amtrak ay hindi makakapagbigay ng personal na tulong pasakay o pababa sa mga tren. Ang oxygen equipment na gumagana ng di mas mabilis sa apat na oras ng walang available na kuryente sa loob ng tren ay pinapahintulutan sa mga tren ng Amtrak pero dapat paunang tumawag ang mga pasahero para tiyakin ito at kinakailangan ito sa reservation.

TANONG: Ang Uber at Lyft ba ay available sa mga user ng wheelchair?

Oo, gayunman, ang Uber at Lyft ay karaniwang binabatikos sa pakikitungo ng may diskriminasyon laban sa mga pasahero na may kapansanan at ang kanilang pangkalahatang kakulangan ng mga wheelchair accessible na sasakyan. Ang mga driver ng lahat ng ride-sharing na serbisyo ay hinihiling sa ilalim ng batas para sumundo sa mga pasaherong may kapansanan na gumagamit ng mga foldable wheelchair o mas maliliit na device. Kapag gumagamit ng Lyft app, dapat paganahin ng mga pasahero ang Access Mode para mag-request ng sasakyan na makakapagdala ng non-foldable na wheelchair. Kung hindi available ang mga sasakyan na ito, isang text message na may local na paratransit service information ang ipapadala nang direkta sa pasahero. Ang in-app service ng Uber para sa mga pasaherong may kapansanan, WAV (para sa wheelchair accessible vehicle,) ay kasalukuyang available lang sa New York City, Philadelphia, Chicago and Washington, D.C. Para magamit ang feature, piliin at kumpirmahin ang WAV makalipas na ilagay ang mga lokasyon ng pick-up at destinasyon.

TANONG: Puwede ba akong gumamit ng mga taxi?

Ang pagiging available ng mga accessible na tax ay nag-iiba iba sa buong bansa. Nitong nakaraang dekada, hinaharap ng mga demanda at global na kamalayan ng diskriminasyon laban sa mga mamamayan na may kapansanan, ang ilang mga lungsod ay nagparami ng mga accessible na sasakyan na maaaring maglingkod. Halimbawa, sa New York City, ngayon ay mayroon higit na sa 2,000 accessible na tax na maaaring tawagin nang direkta sa kalsada o i-book sa telepono o online sa pamamagitan ng Taxi & Limousine Commission's Accessible Dispatch service. Sa ilalim ng ADA, ang mga driver para sa parehong pampubliko at pribadong kompanya ng taxi ay dapat na sumundo sa mga pasarehong may kapansanan na makakagamit sa taxi. Kailangang pahintulutan ng mga driver ang service pets at tulungan sa pagtatabi ng mobility device na kasya sa kotse; hindi nila kailangang tumulong sa pagsakay sa taxi.

Mga Pinagkukuhanan ng Impormasyon: Americans with Disabilities Act, Air Carrier Access Act, U.S. Department of Transportation, Federal Aviation Administration, Transportation Security Administration, DOT Air Consumer Division, Amtrak, New York Lawyers for the Public Interest, The New York Times, Uber, Lyft, New York Taxi & Limousine Commission.

Gusto mong may makausap?

Ang aming Information Specialist ay available na sagutin ang iyong mga tanong. Tumawag ng toll-free 1-800-539-7309 Lunes hanggang Biyernes, 9 am-8 pm EST. Mag-schedule ng tawag o magtanong online sa <https://www.christopherreeve.org/tl/get-support/ask-us-anything/form>

Ang impormasyong nilalaman ng mensaheng ito ay ipinapakita para sa layunin ng pagtuturo at pagbibigay impormasyon sa iyo tungkol sa paralysis at mga epekto nito. Walang anumang nilalaman sa mensaheng ito ay dapat pakahulugan ni hindi nilalayan na gamitin bilang medikal na diagnosis o paggagamot. Hindi ito dapat pumalit sa payo ng iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider. Kung mayroon kang mga tanong na may kaugnayan sa pangangalaga ng kalusugan, mangyaring tawagan o magpatingin sa iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider kaagad. Parating magpakonsulta sa iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider bago magsimula ng bagong treatment, diet o fitness program. Hindi mo kailanman dapat di pansinin o patagalin ang mga ito dahil sa isang bagay na nabasa mo sa mensaheng ito.

Ang publikasyon na ito ay sinusuportahan ng Administration for Community Living (ACL), U.S. Department of Health and Human Services (HHS) bilang bahagi ng pinansiyal na tulong na may total na \$8,700,000 na may 100 porsiyentong pagpopondo ng ACL/HHS. Ang mga nilalaman ay iyong mula sa (mga) may akda at hindi nangangahulugan na opisyal itong mga pananaw, ni hindi pag-endorso, ng ACL/HHS, o ng Gobyerno ng Estados Unidos.